Republika ng Pilipinas
Lalawigan ng Bulakan
Lungsod ng Malolos

# TANGGAPAN NG SANGGUNIANG PANLUNGSOD

HANGO SA KATITIKAN NG KARANIWANG PULONG NG SANGGUNIANG PANLUNGSOD NG MALOLOS NA GINANAP SA BULWAGANG PULUNGAN NG SANGGUNIAN (ANNEX), IKA-LIMANG PALAPAG NG BAGONG GUSALI NG PAMAHALAANG LUNGSOD NG MALOLOS NOONG IKA-16 NG NOBYEMBRE, 2020.

MGA DUMALO:

| | |
|---|---|
| KGG. NOEL G. PINEDA | Pang. Punong Lungsod<br>Tagapangulo |
| KGG. FRANCISCO J. CASTRO | Kasangguni |
| KGG. NINO CARLO C. BAUTISTA | " |
| KGG. KIRK LOUIS NICOLAS | " |
| KGG. MICHAEL M. AQUINO | " |
| KGG. ENRICO C. CAPULE | " |
| KGG. DENNIS D. SAN DIEGO | " |
| KGG. EMMANUEL R. SACAY | " |
| KGG. EDGARDO F. DOMINGO | " |
| KGG. LUIS ALFONSO M. ARCEGA | " |
| KGG. MIGUEL CARLOS B. SOTO | " |
| KGG. DIONISIO C. MENDOZA | ABC President |
| KGG. PATRICK S. DELA CRUZ | SK President |

ANG LAHAT AY NAKADALO:

---

**KAPASYAHANG PANLUNGSOD BLG. 256-2020**

**ISANG KAPASYAHANG PANLUNGSOD NA NAGGAGAWAD NG KAPANGYARIHAN AT KAPAHINTULUTAN SA MABUNYING PUNONG LUNGSOD - KGG. GILBERT T. GATCHALIAN NA MAKALAGDA AT MAKAPASOK SA ISANG KASUNDUAN (MEMORANDUM OF AGREEMENT) SA PAGITAN NG PAMAHALAANG PANLUNGSOD NG MALOLOS AT NG PHILIPPINE STATISTICS OFFICE (PSA) PARA SA PAGSASAKATUPARAN NG IMPLEMENTASYON NG NATIONAL ID SYSTEM ALINSUNOD SA MINAMANDATO NG REPUBLIC ACT NO. 11055 O MAS KILALA SA TAGURING "*PHILIPPINE IDENTIFICATION SYSTEM ACT*".**

**AKDA NG: BUMUBUO NG SANGGUNIANG PANLUNGSOD NG MALOLOS**
**ITINAGUYOD NI: KGG. NINO CARLO C. BAUTISTA**

**SAPAGKAT,** lumiham ang mabunying Punong Lungsod - Kgg. Gilbert T. Gatchalian sa Sangguniang Panlungsod, upang mabigyang kapangyarihan at kapahintulutan na makalagda at makapasok sa isang kasunduan (Memorandum of Agreement) sa pagitan ng Pamahalaang Panlungsod ng Malolos at ng Philippine Statistics Authority (PSA) para sa implementasyon ng Republic Act No. 11055 o ang *Philippine Identification System Act;*

**SAPAGKAT,** itinatadhana ng Philippine Identification System Act ang pagkakaloob ng isang Identification Card sa lahat ng Pilipino, gayundin sa mga dayuhang naninirahan sa Republika ng Pilipinas;

**SAPAGKAT,** batay sa nilalaman ng Seksyon 15 ng Implementing Rules and Regulations (IRR) ng nasabing batas ay binibigyang kapangyarihan ang Philippine Statistics Authority (PSA) na isakatuparan ang minamandato nito katuwang ang mga Pamahalaang Lokal;

**SAPAGKAT,** itinalaga ang PhilSys Policy Coordinating Council o PSPCC na magbalangkas ng polisiya at alituntunin para sa pagpapatupad ng Philippine Identification System Act at kinikilala ng nasabing ahensya ang kahalagahan at gampanin ng bawat Lokal na Pamahalaan para sa mas mabilis at episyenteng pagpapatupad nito sa humigit-kumulang 105,000,000 Pilipino;

**SAPAGKAT,** alinsunod naman sa ipinalabas na direktiba ng Department of Interior and Local Government (DILG) na nakasaad sa Memorandum Circular No. 2020-99 na may petsang ika-15 ng Hulyo, 2020 ay inaatasan ang mga lokal na pamahalaan na magbigay ng tulong at gabay para dito;

**SAPAGKAT,** bahagi ng kasunduan ang pagtatayo ng mga Registration Centers sa Lungsod ng Malolos, upang mas maging maayos at madali ang pagpo-proseso ng pagkakaloob ng National ID;

**SAPAGKAT,** pangunahin sa Pamahalaang Panlungsod ng Malolos ang paglalatag ng mga programang magtataguyod ng kagalingang panlipunan, batay na din sa inia-atas ng Seksyon 16 ng Republic Act No. 7160 o mas kilala sa taguring "Kodigo ng Pamahalaang Lokal ng Pilipinas";

KGG. NOEL G. PINEDA
PANGALAWANG PUNONG LUNGSOD

KGG. FRANCISCO J. CASTRO, KASANGGUNI
KGG. NINO CARLO C. BAUTISTA, KASANGGUNI
KGG. KIRK LOUIS NICOLAS, KASANGGUNI
KGG. MICHAEL M. AQUINO, KASANGGUNI
KGG. ENRICO C. CAPULE, KASANGGUNI

KGG. PATRICK S. DELA CRUZ, KASANGGUNI
KGG. DIONISIO C. MENDOZA, KASANGGUNI
KGG. MIGUEL CARLOS B. SOTO, KASANGGUNI
KGG. LUIS ALFONSO M. ARCEGA, KASANGGUNI
KGG. EDGARDO F. DOMINGO, KASANGGUNI
KGG. EMMANUEL R. SACAY, KASANGGUNI
KGG. DENNIS D. SAN DIEGO, KASANGGUNI

--------------------------------------x

Sa mungkahi ni **Kgg. Nino Carlo C. Bautista** na sinang-ayunan ng lahat ng dumalo, ay

**IPINASIYA,** gaya ng dito'y ginagawang pagpapasya na binibigyang kapangyarihan ang Punong Lungsod - Kgg. Gilbert T. Gatchalian na lumagda at pumasok sa isang kasunduan (Memorandum of Agreement) sa pagitan ng Pamahalaang Panlungsod ng Malolos at ng Philippine Statistics Authority (PSA) para sa implementasyon ng Republic Act No. 11055 o mas kilala sa taguring "Philippine Identification System Act".

**PINAGTIBAY.**

KGG. FRANCISCO J. CASTRO
KASANGGUNI

KGG. NINO CARLO C. BAUTISTA
KASANGGUNI

KGG. KIRK LOUIS NICOLAS
KASANGGUNI

KGG. MICHAEL M. AQUINO
KASANGGUNI

KGG. ENRICO C. CAPULE
KASANGGUNI

KGG. DENNIS D. SAN DIEGO
KASANGGUNI

KGG. EMMANUEL R. SACAY
KASANGGUNI

KGG. EDGARDO F. DOMINGO
KASANGGUNI

KGG. LUIS ALFONSO M. ARCEGA
KASANGGUNI

KGG. MIGUEL CARLOS B. SOTO
KASANGGUNI

KGG. DIONISIO C. MENDOZA
KASANGGUNI - ABC President

KGG. PATRICK S. DELA CRUZ
KASANGGUNI - SK President

PINATUTUNAYAN ko na ang nasabing Kapasiyahang Panlungsod ay pinagtibay ng Sanggunian.

CRISTINA R. GUTIERREZ, EnP
Kalihim ng Sangguniang Panlungsod

PINATUTUNAYAN:

KGG. NOEL G. PINEDA
PANG. PUNONG LUNGSOD - Tagapangulo

*hindi nakadalo

DhorieTrogo(SDC2)*11162020